DepEd Advisory No. 265, s. 2013
June 27, 2013
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO NG BICOL UNIVERSITY

Ang Departamento ng Filipino ng Bicol University College of Arts and Letters (BUCAL) sa pakikipagtulungan ng Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino (PSWF-BU, Rehiyon V), Master sa Filipino at Doktor ng Pilosopiya sa Filipino ay magtataguyod ng *Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino* na may paksang *Pagtuturo ng Wikang Filipino at Panitikan, Pananaliksik at Kagamitang Panturo Salig sa K to 12 Kurikulum.* Ang seminar-worksyap na ito ay gaganapin sa Hulyo 25-27, 2013 sa BUCAL Amphitheater, Lungsod ng Legazpi.

Ang layunin ng seminar-worksyap na ito ay upang matugunan ang mga suliranin ng mga kalahok ukol sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng wikang Filipino at panitikan, pananaliksik at kagamitang panturo salig sa K to 12 Kurikulum at upang makagaapay sa mga napapanahong isyu ng pangwika at mga kinauukulan.

Ang mga superbisor, punongguro, koordineytor at kaguruan ng/sa Filipino sa antas elementarya at sekondarya mula sa mga pampubliko at pribadong paaralan ay inaaanyayahang dumalo sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro na mula pampubliko at pampribadong paaralan ay naaayon sa *no-disruption-of classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaring makipag-ugnayan kay:

Fay Lea Patria M. Lauraya, Ph.D.
Pangulo
Pamantasan ng Bicol
Lungsod ng Legazpi
Telefax Blg.: (052) 821-7939
Email Address: bicol_university1969@yahoo.com

Leticia M. Lopez, Ph.D.
Direktor, Pambansang Seminar 2013
Puno, Departamento ng Filipino
Bicol University College of Arts and Letters (BUCAL)
Lungsod ng Legazpi
Telepono Blg.: (052) 820-2745
Mobile Phone Blg.: 0905-930-3643
Email Address: leticia_lopez0440@yahoo.com

Rhea /DA- BU Seminar-Worksyap sa Filipino
0557/June 25, 2013